# *Paglilingkod sa Layunin ng Dios Yugto 6*
# *Hanapin at Magtanong sa Panginoon*

Magpapatuloy tayo sa mensaheng ito upang pagaralan ang buhay ni Haring David at kung paanong tinupad niya ang layunin ng Dios sa kanyang buhay sa kantang sariling henerasyon. Ngayon basahin natin kung paanong hinanap at nagtanong si David sa Dios.

***D. "17 At nang mabalitaan ng mga Filisteo na kanilang inihalal si David na hari sa Israel, ang lahat ng Filisteo ay nagsiahon upang usigin si David; at nabalitaan ni David, at lumusong sa katibayan. 18 Ang mga Filisteo nga ay nagsidating at nagsikalat sa libis ng Rephaim 19 At nagusisa si David sa PANGINOON, na nagsasabi, Aahon ba ako laban sa mga Filisteo? ibibigay mo ba sila sa aking kamay? At sinabi ng PANGINOON kay David, Umahon ka: sapagka't tunay na aking ibibigay ang mga Filisteo sa iyong kamay. 20 At naparoon si David sa Baal-perasim at sila'y sinaktan doon ni David; at kaniyang sinabi, Pinanambulat ng PANGINOON ang aking mga kaaway sa harap ko, na gaya ng pilansik ng tubig. Kaya't kaniyang tinawag ang pangalan ng dakong yaon na Baal-perasim. 21 At kanilang iniwan doon ang kanilang mga larawan, at mga inalis ni David at ng kaniyang mga lalake. 22 At nagsiahon pa uli ang mga Filisteo, at nagsikalat sa libis ng Rephaim. 23 At nang isangguni ni David sa PANGINOON, kaniyang sinabi, Huwag kang aahon: liligid ka sa likuran nila, at ikaw ay sasagupa sa kanila sa mga puno ng morales. 24 At mangyayari, pagka iyong narinig ang hugong ng lakad sa mga dulo ng mga puno ng morales, na ikaw nga ay magmamadali: sapagka't lumabas na ang PANGINOON sa harap mo upang saktan ang hukbo ng mga Filisteo. 25 At ginawang gayon ni David; gaya ng iniutos ng PANGINOONN sa kaniya; at sinaktan niya ang mga Filisteo mula sa Geba hanggang sa dumating sa Gezer." (1 Samuel 5:17-25 KJV)*** Para sa pangalawang pagkakataon nilusob si David ng parehong kaaway, ang mga Filisteo, at sa parehong lugar, sa libis ng Rephaim. Ngunit bago siya gumawa ng isang bagay, siya ay muling nagtanong sa Panginoon, at sa ganitong paraan niya ginawa ang tamang bagay. Kapag ikaw ay humarap sa isang problema at ito'y nalutas mo matapos magtanong sa Panginoon, at pagkatapos ay muling nangyari ang parehong problema sa parehong tao o sa ibang tao, huwag masyadong maging tiwala na lutasin ito sa parehong paraan tulad ng dati dahil ang solusyon ng Dios ay maaaring magbago upang makamit ang ibang layunin. Kaya kailangan mong muling magtanong sa Panginoon upang kumpirmahin kung ano ang nais ng Panginoon na gawin mo. Hinarap ni Haring David ang parehong kaaway sa ikalawang pagkakataon ngunit hindi siya nagkulang sa pagtanong sa Panginoon na nagsabi sa kanya, ***"Huwag kang aahon: liligid ka sa likuran nila, at ikaw ay sasagupa sa kanila sa mga puno ng morales."***

Sinabi ng Dios kay David na pumunta sa ibang direksyon at hakbang, at ipinakita Niya sa kanya ang eksantong oras kapag nilusob niya ang mga kaaway. Malinaw na ipinakita ng Dios kay David. ***"24 At mangyayari, pagka iyong narinig ang hugong ng lakad sa mga dulo ng mga puno ng morales, na ikaw nga ay magmamadali: sapagka't lumabas na ang PANGINOON sa harap mo upang saktan ang hukbo ng mga Filisteo." (2 Samuel 5:24 KJV)*** Binigyan ng Dios ng tiyak na mga detalye si David – ang lugar, ang direksyon, at ang eksaktong oras kung kailan si Panginoon ay mauuna sa kanya upang bigyan siya ng tagumpay. Sa parehong paraan, ang Panginoon ay magbibigay sa iyo ng mga detalye sa lahat ng kailangan mong gawin at ibibigay sa iyo ang tagumpay at katagumpayan kung hindi mo pabayaang magtanong sa Kanya.

***E. "1 At nagkaroon ng kagutom sa mga kaarawan ni David na taon taon, sa tatlong taon; at hinanap ni David ang mukha ng PANGINOON. At sinabi ng PANGINOON, Dahil kay Saul, at dahil sa kaniyang salaring sangbahayan, sapagka't kaniyang pinatay ang mga Gabaonita. 2 At tinawag ng hari ang mga Gabaonita at sinabi sa kanila; (ang mga Gabaonita nga ay hindi sa mga anak ni Israel, kundi sa nalabi sa mga Amorrheo; at ang mga anak ni Israel ay nagsisumpa sa kanila: at pinagsikapan ni Saul na patayin sa kaniyang sikap dahil sa mga anak ni Israel at Juda:) 3 At sinabi ni David sa mga Gabaonita, Ano ang gagawin ko sa inyo? at ano ang itutubos ko, upang inyong basbasan ang mana ng PANGINOON? 4 At sinabi ng mga Gabaonita sa kaniya, Hindi kabagayan ng pilak o ginto sa amin at kay Saul, o sa kaniyang sangbahayan; kahit sa amin ang pumatay ng sinomang tao sa Israel. At kaniyang sinabi, Ano ang inyong sasabihin, na aking gagawin sa inyo? 5 At kanilang sinabi sa hari, Ang lalake na pumupugnaw sa amin, at yaong nagbabanta laban sa amin, na kami ay malipol sa pagtahan sa alinman sa mga hangganan ng Israel, 6 Ay ibigay sa amin ang pito sa kaniyang mga anak, at aming ibibitin sa PANGINOON sa Gabaa ni Saul na pinili ng PANGINOON. At sinabi ng hari, Aking ibibigay sila. 7 Nguni't ang hari ay nanghinayang kay Mephiboseth na anak ni Jonathan na anak ni Saul, dahil sa sumpa ng Panginoon na namamagitan sa kanila, kay David at kay Jonathan na anak ni Saul. 8 Nguni't kinuha ng hari ang dalawang anak ni Rispa, na anak ni Aja, na kaniyang ipinanganak kay Saul, si Armoni at si Mephiboseth; at ang limang anak ni Michal na anak na babae ni Saul na kaniyang ipinanganak kay Adriel na anak ni Barzillai, na Molathita: 9 At ibinigay niya sila sa mga kamay ng mga Gabaonita at mga ibinitin nila sa bundok sa harap ng Panginoon, at nangabuwal ang pito na magkakasama. At sila'y pinatay sa mga kaarawan ng pagaani, sa mga unang araw, sa pasimula ng pagaani ng sebada. 10 At kumuha si Rispa na anak ni Aja ng isang magaspang na kayong damit, at inilatag niya sa ibabaw ng bato, mula sa pasimula ng pagaani hanggang sa***

***ang tubig ay nabuhos sa mga yaon na mula sa langit; at hindi niya tiniis sa araw na dapuan yaon ng mga ibon sa himpapawid, o lapitan man sa gabi ng mga hayop sa parang. 11 At nasaysay kay David ang ginawa ni Rispa na anak ni Aja, na babae ni Saul. 12 At yumaon at kinuha ni David ang mga buto ni Saul at ang mga buto ni Jonathan na kaniyang anak sa mga lalake ng Jabes-galaad, na siyang nagsipagnakaw ng mga yaon sa daan ng Beth-san, na doon sila ibinitin ng mga Filisteo nang araw na patayin ng mga Filisteo si Saul sa Gilboa: 13 At kaniyang iniahon mula roon ang mga buto ni Saul at ang mga buto ni Jonathan na kaniyang anak; at kanilang pinisan ang mga buto ng mga ibinitin. 14 At kanilang ibinaon ang mga buto ni Saul at ni Jonathan na kaniyang anak sa lupain ng Benjamin sa Sela sa libingan ni Cis na kaniyang ama: at kanilang tinupad yaong lahat na iniutos ng hari. At pagkatapos ang Dios ay nadalanginan dahil sa lupain." (2 Samuel 21:1-14 KJV)***

Si Haring David sa napilinng talata sa taas ay hinanap ang mukha ng Dios para sa kagutoman na naroon para sa tatlong magkakasunod na mga taon. ***'1 At nagkaroon ng kagutom sa mga kaarawan ni David na taon taon, sa tatlong taon; at hinanap ni David ang mukha ng PANGINOON. At sinabi ng PANGINOON, Dahil kay Saul, at dahil sa kaniyang salaring sangbahayan, sapagka't kaniyang pinatay ang mga Gabaonita." (2 Samuel 21:1 KJV)*** Mula sa gaYong isang pangyayari at sa nangyaro matutunan natin ang sumusunod tungkol sa paghahanap sa mukha ng Dios:

***1.) Ang tiyak na problema sa buhay ay maaring patnubay ng Dios para sa iyo upang hanapin ang Kanyang mukha:*** Tuwing ang lahat ay maayos, hindi mo naiisip na seryosong hanapin ang Dios o lumapit sa Kanya. Ngunit ang mga hindi nalutas na problema ay mag-uudyok sa iyo na masusing hanapin ang mukha ng Dios at nais na lumapit sa Kanya.

***2.) Ang paghahanap sa mukha ng Dios ay hindi maiksing panahon ng proseso:*** Ang paghahanap sa mukha ng Dios ay hindi isang panandaliang proseso: Ang paghahanap sa mukha ng Dios ay mas malalim na pagtingin patungkol sa Dios, pag-alam ng higit pang detalye mula sa Salita ng Dios. Ang paghahanap sa mukha ng Dios ay paghahanap ng higit pang detalye mula sa Dios tungkol sa Kanyang kaaya-aya, mabuti, at perpektong kalooban. Ang paghahanap sa mukha ng Dios ay hindi maabot sa loob ng ilang araw o buwan. Maaari pa itong tumagal ng mga taon.

***3.) Upang ipahayag ng Dios sa iyo ang Kanyang kalooban kailangan mong magpakumbaba at handang makinig: "9 Ang maamo ay papatnubayan niya sa kahatulan: at ituturo niya sa maamo ang daan niya." (Awit 25:9 KJV)*** Ang Dios ay hindi magsasalita sa iyo kung hindi ka handang makinig. Hindi magsasalita ang Dios sa iyo kung hindi ka magpapakumbaba at handang magpaturo. Kung gusto mong hanapin ang mukha ng Dios, alisin lahat ang pagmamalaki at ego sa iyong puso, ipakumbaba ang iyong sarili, at lumuhod sa harap ng Dios. Dapat handa kang makinig mula sa Kanyang Salita tungkol sa bawat aspeto ng iyong buhay; maging sa mga bagay na ayaw mong marinig. Habang hinahanap mo ang mukha ng Dios maging handa na baguhin ang iyong isip at kupkupin ang bagong mga bagay na sasabihin sa iyo ng Dios.

***4.) Ang paghanap sa mukha ng Dios ay hindi madaling gawain:*** Kapag hinahanap mo ang mukha ng Dios upang malaman ang Kanyang kalooban, kailangan mong gawin ang sinasabi ng Dios sa iyo. Karamihan sa oras, hindi ito madali. Sa talatang ***2 Samuel 21:1-14.*** Nabasa natin na hiningi na ibigay ang pitong tao upang maipapatay, at hindi ito naging madaling bagay para kay David dahil sila ay mga kamag-anakan ng kanyang kaibigan na si Jonathan at mga pamangkin ng kanyang asawa na si Michal; ***"at ang limang anak ni Michal na anak na babae ni Saul na kaniyang ipinanganak kay Adriel na anak ni Barzillai, na Molathita:" (2 Samuel 21;8 KJV)***
Si David ay nangako kay Saul na hindi niya puputulin ang mga inapo nito. Ngunit itinakda ni David ang kanyang puso na hanapin ang mukha ng Dios at siya ay handang sumunod kahit ito ay masakit, na hindi siya dapat makipagkompromiso kahit ang kanyang asawa ay maapektuhan. Gayundin, habang itinatalaga mo ang iyong puso na hanapin ang mukha ng Dios, maging handa kang sumunod sa Dios at gawin ang anumang hinihingi Niya sa iyo.

Ngayon, pumunta tayo sa mga Kasulatan upang pag-aralan ang mga nakaraang araw ni Haring David at saka natin mauunawaan kung ano ang ginawa ni Haring David upang mapasaya ang Dios at humiling ng Kanyang pagpapala na ibalik sa Israel.

Matapos ang tagumpay ni David laban kay Goliath, dapat sana siyang pakasalan si Merab, ang anak na babae ni Saul, ayon sa pangako sa taong papatay kay Goliath. ***"25 At ang mga lalake ng Israel ay nagsabi, Nakita ba ninyo ang lalaking iyan na sumasampa? Tunay na sumasampa siya upang manghamon sa Israel: at mangyayari, na ang lalaking makapatay sa kaniya, ay payayamanin ng hari ng malaking kayamanan, at ibibigay sa kaniya ang kaniyang anak na babae, at palalayain sa Israel ang sangbahayan ng kaniyang ama." (1 Samuel 17:25 KJV)*** Hindi tinupad ni Haring Saul ang ipinangako niya: ***"19 Nguni't nangyari na sa panahong ibibigay kay David si Merab na anak na babae ni Saul, ay ibinigay na asawa kay Adriel na***

***Meholatita." (1 Samuel 18:19 KJV)*** Sa halip ibinigay ni Haring Saul kay David ang kanyang pangalawang anak si Michal, ***"25 At sinabi ni Saul, Ganito ang inyong sasabihin kay David: Hindi nagnanasa ang hari ng anomang bigaykaya, kundi isang daang balat ng masama ng mga Filisteo, upang mapanghigantihan ang mga kaaway ng hari. Ang balak nga ni Saul ay maibuwal si David sa pamamagitan ng kamay ng mga Filisteo. 26 At nang saysayin ng kaniyang mga lingkod kay David ang mga salitang ito, ay ikinalugod na mabuti ni David na maging manugang siya ng hari. At ang mga araw ay hindi pa nagaganap; 27At tumindig si David at yumaon, siya at ang kaniyang mga lalake, at pumatay sa mga Filisteo ng dalawang daang lalake; at dinala ni David ang kanilang mga balat ng masama, at kaniyang ibinigay ng buong bilang sa hari, upang siya'y maging manugang ng hari. At ibinigay na asawa sa kaniya ni Saul si Michal na kaniyang anak na babae." (1 Samuel 18:25-27 KJV)*** Ngunit sa huli'y kinuha si Michal kay David at ibinigay sa ibang lalaki. ***"44 Ngayo'y ibinigay ni Saul si Michal na kaniyang anak, na asawa ni David, kay Palti na anak ni Lais na taga Gallim." (1 Samuel 25:44 KJV)*** Pagkatapos ng pagkamatay ni Saul. Hiniling ni David na ibalik ang kanyang asawang si Michal upang maibalik sa kanya. ***"12 At si Abner ay nagsugo ng mga sugo kay David, sa ganang kaniya, na sinasabi naman, Makipagtipan ka sa akin, at, narito, ang aking kamay ay sasa iyo, upang dalhin sa iyo ang buong Israel. 13 At kaniyang sinabi, Mabuti; ako'y makikipagtipan sa iyo; nguni't isang bagay ang hinihiling ko sa iyo, na ito nga: huwag mong titingnan ang aking mukha, maliban na iyo munang dalhin si Michal na anak na babae ni Saul, pagparito mo upang tingnan ang aking mukha. 14 At nagsugo ng mga sugo si David kay Is-boseth na anak ni Saul, na sinasabi, Isauli mo sa akin ang aking asawa na si Michal, na siyang aking pinakasalan sa halaga na isang daang balat ng masama ng mga Filisteo. 15 At nagsugo si Is-boseth, at kinuha siya sa kaniyang asawa, kay Paltiel na anak ni Lais. 16 At ang kaniyang asawa'y yumaong kasama niya na umiyak habang siya'y yumayaon, at sumusunod sa kaniya hanggang sa Bahurim. Nang magkagayo'y sinabi ni Abner sa kaniya, Ikaw ay yumaon, bumalik ka: at siya'y bumalik." (2 Samuel 3:12-16 KJV)*** Si Michal pagkatapos niyon ay namuhay kasama si Haring David, at maaari nating basahin dito ang isa sa mga nakatala na kaganapan sa pagitan nila bilang mag-asawa: ***"16 At nagkagayon, sa pagpapasok ng kaban ng Panginoon sa bayan ni David, na si Michal na anak ni Saul ay tumitingin sa dungawan, at nakita na ang haring si David ay naglulukso at nagsasayaw sa harap ng Panginoon; at kaniyang niwalan ng kabuluhan siya sa kaniyang puso. 17 At kanilang ipinasok ang kaban ng Panginoon, at inilagay sa kaniyang dako, sa gitna ng tolda na itinayo ni David: at naghandog si David ng mga handog na susunugin at mga handog tungkol sa kapayapaan sa harap ng Panginoon. 18 At nang makatapos si David na maghandog ng mga handog na susunugin at ng mga handog tungkol sa kapayapaan, kaniyang binasbasan ang bayan sa pangalan ng Panginoon ng mga hukbo. 19 At kaniyang binahagi sa buong bayan, sa makatuwid baga'y sa buong karamihan ng Israel, sa mga lalake at gayon din sa mga babae, sa bawa't isa ay isang tinapay at isang bahaging lamang kati, at isang binilong pasas. Sa gayo'y ang buong bayan ay yumaon bawa't isa sa kaniyang bahay. 20 Nang magkagayo'y bumalik si David upang basbasan ang kaniyang sangbahayan. At si Michal na anak ni Saul ay lumabas na sinalubong si David, at sinabi, Pagkaluwalhati ngayon ng hari sa Israel, na siya'y naghubad ngayon sa mga mata ng mga babaing lingkod ng kaniyang mga lingkod, na gaya ng naghuhubad na kahiyahiya ang isang walang kabuluhang tao. 21 At sinabi ni David kay Michal, Yao'y sa harap ng PANGINOON, na siyang pumili sa akin na higit sa iyong ama, at sa buong sangbahayan niya, upang ihalal ako na prinsipe sa bayan ng PANGINOON, sa Israel: kaya't ako'y tutugtog sa harap ng PANGINOON. 22 At ako'y magpapakawalang kabuluhan pa kay sa yaon, at ako'y magpapakababa sa aking sariling paningin: nguni't sa mga babaing lingkod na iyong sinalita, ay pararangalan ako. 23 At si Michal na anak ni Saul ay hindi nagkaanak hanggang sa araw ng kaniyang kamatayan." (2 Samuel 6:16-23 KJV)*** Si Michal, ayon sa aming napansin, ay isang mahigpit na asawa. Ngayon, sa pagbalik sa pangyayari ng taggutom, nang malaman ni David na kailangan niyang ipasa, ***"ang limang anak ni Michal na anak na babae ni Saul na kaniyang ipinanganak kay Adriel na anak ni Barzillai, na Molathita:" (2 Samuel 21:8 KJV)*** Ang limang anak ni Merab, dahil si Michal ay walang anak hanggang sa kamatayan niya, ngunit si Michal ang nagpalaki sa limang anak ni Merab, sapagkat asawa ni Merab ***Adriel na anak ni Barzillai, na Molathita:"*** at hindi si Michal gaya ng babasahin natin dito, ***"19 Nguni't nangyari na sa panahong ibibigay kay David si Merab na anak na babae ni Saul, ay ibinigay na asawa kay Adriel na Meholatita." (1 Samuel 18:19 KJV***

Noong panahong iyon, si Michal ay nakatira kay David bilang kanyang asawa at kailangan niyang ipasa ang limang anak na kanyang pinalaki upang ipapatay. Ito ay isang mahirap na bagay na gawin, ngunit si David ay napilitang sumunod sa Dios at sumunod sa Kanyang kalooban, hindi para lamang sa paglutas ng isyu ng taggutom, kundi upang mapasaya ang Dios dahil nailaan niya ang kanyang puso upang mapasaya ang Dios. Ganito rin ang dapat mangyari sa iyo. Habang inilalagay mo ang iyong puso upang hanapin ang mukha ng Dios, dapat kang maging handa na sumunod sa Kanya at gawin ang anumang Kanyang iuutos sa iyo.

***5.) May mga tiyak na kasalanan sa nakaraan na ginawa ng ilang tao noon, maaaring tawagin ka ng Dios na managot sa pagpapanumbalik ng mga nangyari:*** Habang hinahanap mo ang mukha ng Dios, maaaring tawagin ka na managot sa pagtuwid ng mga nangyari sa nakaraan. Maaaring may mga kasalanang nagawa ng ilang tao noon at hinihingi ng Dios na iyong salungatin at ituwid. Bilang isang tunay na tagasunod ni Cristo, tinatawag ka ng Dios na ipahayag ang katotohanan sa iba; hindi upang takpan ang kasamaan at hindi upang

makipagkompromiso. Gusto ng Dios na gamitin ka bilang instrumento ng katuwiran kaya't kailangan mong umabot sa antas ng inaasahan na ito. Sinunod ni David ang Dios at ginawa ang lahat ng hinihiling Niya sa kanya. At tunay na nagpatotoo ang Panginoon tungkol kay David na sinasabi. ***"Nasumpungan ko si David na anak ni Jesse na isang lalaking kinalulugdan ng aking puso, na gagawa ng buong kalooban ko." (Mga Gawa 13:22 KJV)*** Dapat din ito para sa iyo; sumunod ka sa Dios at gawin nang eksakto ang nais Niya na gawin mo.

Inaatasan ka ngayon na hanapin ang mukha ng Dios. Ang problema na mayroon ka ngayon ay maaaring maging pagkakataon para sa iyo upang makilala ang higit pa tungkol sa kalooban ng Dios sa iyong buhay. Bukod pa rito, tinatawag ng Dios ang iyong atensyon sa ilang kasalanan sa nakaraan na dapat ayusin ngayon. Magnilay sa iyong nabasa habang binibigyan ka ng Dios ng higit pang mga pananaw upang makapaglingkod ka sa Kanyang layunin.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Upang matupad ang layunin ng Dios sa iyong buhay at sa anumang kalagayan na iyong pinagdadaanan, nais ng Dios na hanapin mo Siya at magtanong mula sa Kanya. Kung ikaw ay nilulusob ng parehong kaaway nang paulit-ulit, ito na ang panahon upang hanapin ang Dios at alamin kung paano hawakan ang ganitong kaaway. Kung ikaw ay nasa taggutom at dumaranas ng kakulangan at krisis pinansyal, hanapin ang Dios at alamin kung ano ang kasalanan na nangyari sa nakaraan na ngayon ay kailangang ituwid.

Manalangin tayo... .

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong malinaw na Salita sa akin. Panginoon salamat para sa babala na ibinigay mo sa akin tungkol sa mga paglusob ng kaaway at kung paano hawakan ito. Panginoon salamat para sa pagpapakita sa akin na kailangan kong hanapin ang iyong mukha upang malaman ang dahilan kung saan mayroong kakulangan sa aking buhay.*

*Ipagtapat at talikdan ngayon lahat ng iyong mga kasalanan. Ipagtapat at talikdan ang iyong Ipagtapat at talikdan ang iyong pagmamadali at kawalang pagnanais na hanapin ang Dios sa pagharap sa iyong mga problema. Ipagtapat at talikdan ang iyong takot sa tao at ang iyong mga kompromiso dahil sa hindi mo pagnanais na magdusa mula sa mga tao. Talikuran ang iyong kawalang pagnanais na magdusa kaya't hindi mo kayang harapin ang ilang mga problema mula sa ugat. Talikuran ang paggawa ng iyong sariling mga plano at kalooban at hindi ang kalooban ng Dios. Ipagtapat ang iyong kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at ang iyong kakulangan sa mga panalangin. Panginoon, patawarin mo ako, ako'y nagsisisi sa mga sumusunod na kasalanan ____________________________.*

*Panginoon, ako'y nagpapakumbaba sa iyong paanan at sa buong puso ko'y handa akong makinig, magbago ng isip, at sumunod sa nais mong ipagawa sa akin. Panginoon, ako'y nangako na hihingi ako sa iyo sa lahat ng oras at sa lahat ng bagay na dumarating sa aking buhay. Nangako akong hahanapin ang iyong payo para sa lahat ng aking gagawin sa paglilingkod sa iyo at sa pagsasagawa ng gawain ng misyon. Panginoon, suportahan mo ako sa pamamagitan ng iyong biyaya, bigyan mo ako ng karunungan at sagutin mo ako kapag ako'y tumatawag. Ito ang aking dalangin sa ngalan ni Hesus, Amen.*

*Panginoon, hinahanap kita upang turuan ako kung paano haharapin ang sumusunod na kaaway ___________________*

*Panginoon, hinahanap ko ang iyong mukha upang turuan ako kung ano ang dapat gawin upang masolusyunan ang problemang ito ____________________________ .*
*Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na inilaan ang kanilang mga sarili upang humingi sa iyo sa lahat ng kanilang mga suliranin at upang hanapin ang iyong mukha para sa gutom na kanilang nararanasan. Panginoon, itaguyod mo sila sa iyong biyaya at awa, sagutin mo ang kanilang mga panalangin at turuan silang harapin ang kanilang mga kaaway, at bigyan sila ng mga solusyon sa kakulangan na kanilang dinaranas. Panginoon, protektahan mo sila at magbigay ng lahat ng kanilang pangangailangan upang magpatuloy at maglingkod sa iyo.*

*Panginoon, aming ipinangako namin ang aming sarili bilang iyong simbahan upang ilapat ang aming natutunan sa mensahe ngayon sa aming buhay, sa buhay ng aming mga pamilya at mga alagad. Panginoon, hinahanap namin ang iyong mukha sa pagharap sa sumusunod na problema na aming pinagdadaanan ____________________________. Panginoon, patuloy mo kaming gabayan sa pamamagitan ng iyong Banal na Espiritu upang gawin ang mga bagay na nais mo naming gawin. Panginoon, puspusin mo kami muli ng Banal na Espiritu at bigyan mo kami ng mga espiritwal na kaloob na kinakailangan upang pumunta at mangaral, at*

*lumikha ng mga bagong alagad at sanayin ang mga bagong manggagawa upang pumunta at magtanim ng higit pang pag-aaral ng Biblia at mga kongregasyon para sa simbahan. Panginoon tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Paglilingkod sa Layunin ng Dios Yugto 6. Hanapin at Magtanong sa Panginoon. 2 Samuel 5:17-25. Awit 25:9. 2 Samuel 21:1-14. 1 Samuel 17:25. 1 Samuel 18:19, 25-27. 1 Samuel 25:44. 2 Samuel 3:12-16. 2 Samuel 6:16-23. Mga Gawa 13:22.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com